

Bakit napakahalaga kung ano ang pinanonood o pinakikinggan ko? Hindi naman ito nakakasakit sa sinuman.

—Harmless sa Helsinki

Mahal kong Harmless,

Lahat ng pinanonood o pinakikinggan mo ay nakakaapekto sa iyong pag-iisip, pagdama, at pagkilos. At nakakaapekto iyan sa taong kahihinatnan mo.

Para maging napakabuti ng iyong pagkatao, panoorin at pakinggan ang pinakamabubuting bagay. Tinuturuan tayong hangarin ang mga bagay na “marangal, kaaya-aya, o magandang balita o maipagkakapuri” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13). At maaari nating malaman na mabuti ang isang bagay kung nagiging dahilan ito para gustuhin nating *gumawa* ng mabuti at “maniwala kay Cristo” (Moroni 7:16). Ang pinanonood o pinakikinggan mo ay napakahalaga dahil napakahalaga *mo*.

Nagmamahal,
Ang *Kaibigan*

Checklist ng Mabuting Media

Gamitin ang checklist na ito para matiyak na magagandang media lamang ang ipinapasok mo sa iyong kamangha-manghang utak!

- Pinasisigla at pinagaganda nito ang pakiramdam ko.
- Tinuturuan ako nito ng mabubuting bagay.
- Tinutulungan ako nitong gustuhin na sundin ang mga utos ng Diyos.
- Hinihikayat ako nitong gumawa ng mabubuting bagay.
- Magalang ito at tugma sa mga pamantayan ng aking pamilya.

